Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG HUNYO 30,2020 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Pansamantalang Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 20-06-317

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAGYAO NI KAGAWAD CHARLIE CHAVEZ NG BARANGAY CAMBUNANG**

**SAPAGKAT,** isang malungkot na balita ang pumukaw noong madaling araw ng Hunyo 22, 2020 dahil si Kagawad Charlie Chavez ng Barangay Cambunang ay pumanaw na sanhi ng malubhang sakit;

**SAPAGKAT,** si Kagawad Charlie Chavez ay nahirang ng Barangay Secretary ng Cambunang bago pa siya nahalal na kagawad at ito ay patunay na siya ay nagsilbi sa naturang barangay ng mahabang panahon;

**SAPAGKAT,** bilang lingkod-bayan, siya ay nagsikap na maisakatuparan ang maraming programang pangkaunlaran na nagdulot ng matiwasay, tahimik at mapayapang buhay sa Barangay Cambunang;

**SAPAGKAT,** bilang asawa at ama ay maayos niyang naitaguyod ang kanyang pamilya sa isang marangal na paraan, isang simpleng pamilyang nagtutulungan at sama-samang hinaharap ang mga hamon ng buhay sa kabila ng hirap at kakulangan;

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay nagdulot ng isang masakit na dagok at masidhing pighati at kalungkutan sa kanyang pamilya, kamag-anak at kaibigan subalit, maligaya na ring malaman na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng ating Poong Maykapal; kung kaya't dahil dito….

CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA, Na:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa pagyao ni *Kagawad Charlie Chavez ng Barangay Cambunang;*

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron at SB Member Dennes M. Faner na pinangalawahan ni SB Member German S. Acosta, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Hunyo 30, 2020, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: June 30, 2020

200617/bms

CS CamScanner